# ANG TULUYANG PAGPUTOL SA DILANG PAMBANSA

*ni:*
**Grace B. Almario**

Matapos ang kontrobersyal na pagbawi sa Temporary Restraining Order (TRO) ng Korte Suprema laban sa pag-aalis ng Filipino at Panitikan bilang mga core subjects sa kolehiyo, napakaraming konsepto ang tila ba ay nabuhay dahil kinakatawan nito ang pagkamatay hindi lamang ng pagtuturo ng wikang pambansa, ngunit pati na rin ang tinatayang sampung libong guro na nagtuturo ng naturang asignatura. Ang bilang na nabanggit ay isang napakalaking bagay sa pag-aangat ng estado at sa pagkakaroon ng abilidad ng mga mamamayan na mapunan at matugunan sana ang kanilang mga pangangailangan lalo na at marami sa mga gurong ito ang mayroon ng sari-sariling pamilya. Ngunit higit pa sa ideyalismo ng pagkawala ng trabaho, ang patuloy na pagkawala ng sariling pagkakakilanlan ang isa pa sa pinaka nakaaalarmang dulot ng aksyong ito. Mula noon magpahanggang ngayon ay itinuturing na wika ang siyang pinakamalinaw na simbolo ng pagkakakilanlan ng isang bansa at isang lahi na siya ring naghihiwalay sa mga tao sa mga dayuhan. Kung patuloy na aalisin ang pagtuturo sa mga asignaturang Filipino, tiyak na mas bababa ang kaunlarang pang-wika ng mga mag-aaral na inaasahan ding magiging mga tagapamahala ng kinabukasan. Higit pa rito, ang wikang nabanggit ay ang pinakamahalagang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan sa araw-araw. Nakalulungkot na habang patuloy ang ebolusyon ng wika at pagkakabuo ng mga salita mula sa kung saan-saang konsepto, ay ang matumal na pagtangkilik naman sa sariling wika lalo na sa aspeto ng panuruan. Isa pa sa bagay na hindi kaiga-igaya ay tila ba mismong ang ahensyang naatasang isaayos ang kurikulum ay siya pa mismong nagpanukala na alisin na ang ganitong mga asignatura.

Isa sa hindi maitatangging katotohanan sa makabagong panahon na ang wikang Ingles ang mas ginagamit sa pagtuturo sa mga kabataan at ang wikang Filipino ay ginagamit



depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

lamang sa piling mga asignatura katulad ng Filipino, Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao, ang lahat ng ito ay itinuturo sa sekondarya. Pagdating na sa kolehiyo, ganoon pa rin ang nagiging kalakaran at karamihan ay gumagamit ng banyagang wika bilang midyum. Nakalulungkot na patuloy ang pagtangkilik ng kagawaran sa Special Program in Foreign Language (SPFL) kung saan ay itinuturo ang iba't ibang wika ng mga bansa base sa espesyalisayon ngunit sa pagtagal ay unti-unti namang inaalis ang wikang pambansa sa sistema. Ayon kaa Tasic (2016), isa ang ganitong mga isyu sa mga problemang bumubuo ng tanong na maaring kumonekta sa pambansang kaunlaran. Aniya, paano uunlad ang bansa gayong hindi kayang tangkilikin ng mga mamamayan ang kanilang sariling wika. Sa kabila kasi ng patuloy na pagdagsa ng mga produktong banyaga ay ang mas maigting na pagsasawalang-bahala ng mga pansariling pag-aari tulad ng mga produkto, kultura at wika. Nakalulungkot nga tila ang katotohanang mas tinatangkilik pa sa ibang lugar ang pambansang wika at sinasalita habang sa sariling bansa ay hindi ito madalas ginagamit. Isang katotohanan naman na dapat ay inaaral at hinuhubog ang kakayahan sa pagsasalita ng wikang Ingles ngunit mas matimbang pa rin dapat ang sariling wika. Katulad na lamang sa mga karatig-bansa na kung saan ay ginagamit ang wika sa pagpapangalan ng mga establisyemento, dapat ang bansa din ay gawin ito hindi upang gumaya bagkus ay upang patatagin pa ang sariling pagkakakilanlan dahil ang wikang Filipino ay hindi ordinaryong wika.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang pagkakaroon din umano ng repormadong kurikulum na tinatawag na K to 12 ang isa sa mga naging dahilan upang mas isipin ng nakararami na ang wikang Filipino ay hindi na dapat pang ipagpatuloy bilang itinuturong asignatura sa kolehiyo. Sa ilalim kasi ng bagong kurikulum na ito, nadagdagan ng dalawang taon ang panuruan na tinatawag na senior high school at ilang asignaturang Filipino ang itinuturo rito. Filipino sa Piling Larang, Pagbasa at Pagsulat, Komunikasyon at Pananaliksik ang ilan sa mga naturang asignatura. Kung tutuusin, malaking tulong ang ganitong mga asignatura upang mas mapayabong hindi lamang ang kaalaman ngunit lalo na ang kakayahan ng mga mag-aaral. Epektibo sana ang ganitong taktika ngunit hindi pa rin maikakaila na ang

kurikulum na ito ay patuloy na humaharap sa napakaraming pagsubok. Ilan sa mga problemang ito ay ang kakulangan sa mga materyal tulad ng mga aklat at ng makabagong teknolohiya (Villar, 2018). Sa mahigit anim na taon ng pagpapatupad nito, tatlong taon na sa senior high school ang patuloy na itinatawid ang mga nabanggit na asignatura kahit na walang modyul na nagagamit ang mag-aaral at hindi sapat ang mga pinagkukunan ng mga guro kung hindi pa gagawan ng sariling pamamaraan katulad ng pagsasaliksik sa internet. Ito ay isang matibay na rason na upang masabing ang mga asignaturang may kinalaman sa wikang pambansa ay dapat patuloy na maituro sa kolehiyo lalo na at kakabit na ng edukasyon ang wika kaya naman hindi ito dapat talikdan anumang reporma ang maganap.

Sa halip na ika nga ay talikdan ang pagtuturo ng mga asignaturang Filipino sa kolehiyo, suhestiyon ng ilan ang mas mabilis na pagbabago na ang layunin ay mas mapagtibay ang pagtangkilik sa sariling wika. Dapat na nga tilang simulan ng mga kolehiyo at unibersidad ang reporma sa kani-kanilang patakaran at programa para sa naturang wika at sa pagsusulong nito (Geronimo, 2015). Ilan sa mga repormang ito ay ang pagsusulong ng mga programang mas makapagpapaunlad sa kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino katulad ng mga debate at kumperensya na ang sentro ay ang pakikibaka ng wikang pambansa. Mainam din na mas suportahan ang pamamahayag ng mga mag-aaral dahil isa ito sa mga pinakaepektibong paraan ng pagpapaunlad ng wika. Bukod sa napakaraming mga gawain na maaaring isulong, ilang suhestiyon din sa repormang pang-kurikulum ang umusbong. Ayon kay Francisco (2018), makatutulong ang pagkakaroon ng Filipino sa bawat piling larang. Katulad ito ng itinuturo sa senior high school ngunit mas partikular ito sa bawat kurso kumpara sa nauna na ang kategorya lamang ay akademiko at teknikal. Batay pa sa artikulo ni Francisco, mainam na magkaroon ng Filipino para sa Turismo, para sa Engineering at iba pa. Pero batay sa kanya, ito dapat ay ituro ng mga nasa disiplina. Isang implikasyon nito ang tunay na paggamit ng wikang pambansa ngunit hindi naman sa lenggwahe nakasentro ang paksa. Ayos na rin ang ganitong patakaran. Kumbaga, mas nagagamit ang sariling wika at hindi

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

lamang sa mga partikular na asignaturang Filipino. Mas mainam pa nga kung ang pagtuturo sa ganitong pamamaraan ay ipaubaya na sa mga guro sa Filipino at ipatupad na lamang na dapat ay mayroon silang yunit sa naturang kurso nang sa gayon ay maituro nila nang maayos ang lahat ng konsepto ng partikular na kurso habang mayroong inkorporasyon ng wika at mga konsepto nito.

Patuloy na humaharap sa napakamalalaking hamon ang wikang pambansa, ngayon nga ay sa mismong panuruan na. Hindi lamang ito isang konsepto na ang sentro ay ang pagkawala ng trabaho ng mga guro sa Filipino ngunit mas tuon nito ang pagkawala ng pagkakakilanlan ng bansa. Ang wika ang pinakamahalagang aspeto ng isang lahi bukod pa sa kulay, kultura at tradisyon. Mayroong libo-libong dayalekto ang Pilipinas ngunit mayroon lamang wikang pambansa. Para saan tila nga ba ang pagkakaroon ng Komisyon ng Wikang Filipino at ang pakikibaka ni dating Pangulong Manuel L.Quezon upang maisulong ang naturang konsepto. Hindi na ito isang pag-uusap patungkol sa kung gaano kahalaga ang wika, ito ay isang teksto na lamang na ang sentro ay kung gaano ba dapat pahalagahan ang wikang pambansa. Simbolo na buhay at dapat ay patuloy na buhayin kahit ilang henerasyon man ang dumaan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

Geronimo, J. (2015). Pagtuturo at paggamit ng Filipino sa kolehiyo limitado pa rin. Hinalaw noong ika-2 ng Pebrero, 2019 mula sa https://www.rappler.com/nation/110910-filipino-kolehiyo-reporma-kwf

Tasic, J. (2016). Ang Kahalagahan ng Asignaturang Filipino sa K to 12. Hinalaw noong ika-12 ng Pebrero 2019 mula sa http://udyong.gov.ph/index

Francisco, G. (2018). Ano ba ang kahalagahan ng pag-aaral ng wikang Filipino sa tersyarya? Hinalaw noong ika-22 ng Pebrero 2019 mula sa https://dlsudmco.wordpress.com/2015/11/12/ ano-ba-ang-kahalagahan-ng-pag-aaral-ng-wikang-filipino-sa-tersyarya/

Villar, A. (2018). Mga Mahahalagang Kaalaman Tungkol sa K to 12 Program. Hinalaw noong ika-25 ng Pebrero 2019 mula sa https://ph.theasianparent.com/alwyn-uytingco-anniv

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan